**FINANCIAL AND OTHER AVAILMENTS FOR CENTENARIANS**
**FREQUENTLY ASKED QUESTIONS**

**Q: Ano ang Republic Act No.10868 o ang "Filipino Centenarians Act of 2016"?**

A: Ang RA 10868 ay pinirmahan ni Former President Benigno Aquino III noong 26 June 2016, ilang araw bago siya bumaba sa pwesto. Ang batas na ito ay nagbibigay ng mga benefits sa mga "Centenarians" o individuals na magdiriwang ng kanilang ika-100 na taong kaarawan (100th birthday). Mabibiyayaan din ang lahat ng 100 years old and above sa ilalim ng batas na ito.

**Q: Ano-ano ang mga matatanggap na benefits ng mga Centenarians?**

A: Ang sinumang umabot ng kanyang 100th birthday ay makatatanggap ng mga sumusunod:

(1) Sulat ng Pagbati mula sa Pangulo ng Pilipinas;
(2) Centenarian incentive gift na may halagang ₱100,000.00.
(3) Plaque of Recognition mula sa lokal na pamahalaan
(4) Cash incentive mula sa lokal na pamahalaan, na ang halaga ay naayon sa kakayahan ng pondo o budget nito

**Q: Kailan matatanggap ng mga naturang "Centenarians" ang mga benefits na ito?**

A: Ayon sa Implementing Rules and Regulations (IRR), magkakaroon ng taunang "Elderly Filipino Week" mula Oktubre 1 hanggang Oktubre 7. Ang unang Sunday ng Oktubre ay dineklara ring "National Respect for Centenarians Day" o mas kilala bilang "Centenarians' Day".

Tuwing "Centenarians' Day", ang lahat ng mga Filipino na umabot sa 100 years old sa loob ng current fiscal year ay makatatanggap ng mga nabanggit na mga pabuya mula sa pamahalaang national at lokal.

Sa unang pagdiriwang ng "Centenarians' Day" noong 2016, kasama sa mga pinarangalan ang mga nagdiwang na ng kanilang 100th birthday bago pa ipinasa ang batas na ito. Personal nilang tatanggapin ang mga naturang benefits.

**Q: Paano ang mga umabot na ng kanilang 100th birthday sa loob ng isang fiscal year pero namatay bago ang "Centenarians' Day"?**

A: Sa ganitong pagkakataon makakatanggap ng isang Posthumous Plaque of Recognition ang authorized representatives ng namayapang centenarians.

**Q: Paano maging qualified sa ilalim ng batas na ito?**

A: Una, ang mga beneficiaries ay kinikilala sa pamamagitan ng datos mula sa tanggapan ng OSCA, munisipyo, at mga pension house kung saan naka-record ang impormasyon ng beneficiaries.

Pangalawa ay ang pagpapatunay na tama ang record at datos sa pamamagitan ng pagpapakita ng ID tulad ng lisensya, GSIS, SSS, COMELEC, at postal ID. Kaakibat nito ang affidavit o pahayag ng dalawang tao na walang kaugnayan o interes sa beneficiary, na magpapatunay sa edad nito.

**Importante:** Ang dalawang tao na maghahayag at magpapatunay ng edad ng applicant ay dapat nasa 80 years old and above at may personal na kaalaman sa edad ng Centenarian.

Ang mga sumusunod na documents ay maari din maging basehan para sa Centenarian Incentive:

a. Kasulatan mula sa paaralan
b. Katibayan ng binyag o kumpil (Certificate of Baptism or Confirmation)
c. Dokumentong nilalabas ng NCMF (National Commission on Muslim Filipinos) , NCIP(National Commission on Indigenous Peoples), AFPSLAI (Armed Forces and Police Savings and Loans Association, Inc.), AMWSLAI (Air Materiel Wing Savings and Loan Association Inc.), Veterans at iba pa.

Pangatlo, ang incentive ay ipinagbibigay-alam ng Municipal Social Welfare Development Office sa beneficiary at sa pamilya nito, kasabay ng pagpapaskil ng listahan ng mga qualified centenarians sa munisipyo.

**Q: Ano ang OSCA?**

A: Sa pamamagitan ng batas Republic Act No. 9994, itinaguyod ang Office of Senior Citizen Affairs o OSCA sa bawat city o municipality sa ilalim ng Office of the Mayor, at pinamumunuan ito ng isang Senior Citizen. Sa pakikipag-ugnayan sa DSWD, sa naturang LGU at iba pang government agency, ang OSCA ay inatasan upang ipatupad ang mga batas, patakaran, at alituntunin para sa kapakanan at pakinabang ng mga Senior Citizens.

Upang mapangalagaan at matugunan ang mga kanilang mga pangangailangan, ipinagbibigay-alam ng OSCA sa mga Senior Citizen ang kanilang mga karapatan, benefits at privileges sa ilalim ng batas. Ang Senior Citizen ID Cards na ibinibigay ng OSCA, na may kaukulang discounts at benefits, ay maaaring mapakinabangan saan mang lugar sa Pilipinas.

Para naman sa mga Centenarians o sinumang umabot ng kanilang 100th birthday, sa OSCA nila dapat dalhin at i-submit ang mga documentary requirements na magpapatunay na karapat-dapat silang tumanggap ng mga centenarian benefits sa batas RA 10868. Ang tanggapan ng OSCA ay matatagpuan sa loob ng district, city o municipality kung saan naninirahan ang Senior Citizen.

**Q: Saan matatagpuan ang OSCA?**

A: Ang tanggapan ng OSCA ay matatagpuan sa city o municipality kung saan ka naninirahan.

**Q: Saan ako makakahanap ng iba pang mga announcements ukol sa mga kaganapan ng OSCA?**

A: Bilang nasa panahon tayo ngayon ng pandemya, maaaring gamitin ang internet at bisitahin ang website ng OSCA.

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga halimbawa ng mga website ng OSCA:

Lungsod ng Maynila: https://manila.gov.ph/senior-citizens/
Lungsod ng Caloocan: https://caloocancity.gov.ph/departments-offices1/welfare/office-of-the-senior-citizens-affairs
Lungsod ng Quezon: https://quezoncity.gov.ph/departments/office-for-the-senior-citizens-affairs/

**Q: Maari rin bang makakuha ng mga benepisyo ang mga Overseas Filipino Workers?**

A: Oo, lahat ng mga Filipino Centenarians (na 100 years and above) na naninirahan sa ibang bansa ay maaaring mag-apply sa pinakamalapit na Philippine Embassy o Philippine Consulate para mapakinabangan ang Centenarian Cash Incentive na naghahalagang Php 100,000.

Matapos maisabatas ang Republic Act 10868 o Centenarian Act of 2016, naipasa na din ng Department of Foreign Affairs (DFA) noong March 9, 2017 ang mga alituntunin o guidelines para sa Availment of Awards and Incentives for Overseas Filipino Centenarians.

**Q: Sa ilalim ng batas, sino ang qualified para tumanggap ng Centenarian benefits?**

A: Lahat ng overseas Filipino citizens (natural-born o mayroong reacquired citizenship) na umabot na ng 100 years old and above simula nang maipasa ang batas RA 10868, at naninirahan sa ibang bansa.

**Q: Anong mga awards at incentives ang matatanggap ng Centenarian?**

A:

**Mula sa National Government**: Makakatanggap ang Centenarian ng mga sumusunod na awards at incentives mula sa National Government na ipapamahagi sa tulong ng Philippine Post ("Post": Philippine embassies, mission, consulate general at foreign service establishment na pinapangasiwaan ng Department of Foreign Affairs.)

- Letter of Felicitation: Liham-pagpupugay mula sa Pangulo ng Pilipinas na bumabati sa Centenarian para sa kanyang mahabang buhay
- Centenarian Gift: Halagang P100,000 bilang cash gift mula sa national government
- Posthumous Plaque of Recognition: Parangal para sa namayapang centenarian na igagawad ng National Government through the Philippine Embassy o Philippine Consulate sa pinakamalapit nitong kamag-anak (closest person related to the deceased centenarian by blood or affinity)

**Mula sa Local Government:** Makakatanggap ang Centenarian ng mga sumusunod na awards at incentives mula sa Philippine Post ng city o municipality kung saan siya pinakamatagal na nanirahan bago siya mangibang-bayan:

- Plaque of Recognition: Parangal para sa overseas Centenarian mula sa city o municipality kung saan siya huling nanirahan, na igagawad ng Philippine Embassy o Philippine Consulate
- Cash Incentive: Makakatanggap ang overseas Centenarian ng cash gift mula sa city o municipality bilang additional benefit, na ang halaga ay naaayon sa kakayahan ng pondo o budget ng LGU nito, at ipapamahagi sa tulong ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at Department of Foreign Affairs sa pamamagitan ng mga Embassy at Consulate offices nito.

- **Importante:** Ang mga awards at mga incentives na ito ay isang beses lamang maaaring igawad sa Centenarian.

**Q: Ano ang mga kailangang documentary requirements para mag-qualify para sa mga benefits?**

- One (1) duly accomplished application form
- Alinman sa mga sumusunod na primary documents:
  - Authenticated Birth Certificate
  - Unexpired Philippine Passport
- Maliban sa mga nasabing primary documents/IDs, maaari ring ipasa ang dalawa (2) sa mga sumusunod na secondary documents:
  - Marriage Certificate mula sa Philippine Statistics Authority (PSA) o Philippine Embassy
  - Birth Certificate ng mga anak ng centenarian
  - Affidavit o pahayag ng dalawang tao, na walang kaugnayan o interes sa benepisyaryo, na magpapatunay sa kaarawan o edad nito
  - School o employment records na nagpapatunay ng kanyang kaarawan
  - Baptismal o Confirmation records
  - Overseas voting card o affidavit
  - Foreign driver's license
  - Medical o health card
  - Anumang valid ID na kinikilala sa bansa kung saan siya kasalukuyang naninirahan, at nagpapatunay ng kanyang birthday at eligibility para sa awards at incentives ng centenarian.

**Q: Maaari bang mag-file ng benefits ang kinatawan ng centenarian? Sa ganitong kaso, ano ang mga karagdagang requirements?**

A: Oo, ang kinatawan o authorized representative ng centenarian ay maaaring mag-file ng benefits para sa kanya. Kailangan dalhin at i-submit ng proxy ang mga sumusunod:

- Letter of Authorization mula sa centenarian
  - Sa halip ng nasabing letter of authorization, medical certificate patungkol sa nakaratay o bedridden na overseas centenarian
- Original valid identification card na mayroong larawan ng authorized representative o proxy

**Importante:** Kung ang authorized representative ng namayapang centenarian ay ang pinakamalapit nitong kamag-anak, kailangang dalhin at i-submit ng proxy ang mga sumusunod:

- One (1) duly accomplished application form
- Death certificate ng centenarian (at photocopy nito)
- Valid Identification Card (at photocopy) ng authorized representative
- Katibayan ng kaugnayan ng proxy sa posthumous centenarian, tulad ng:
  - Mga larawan (for evaluation o dadaan sa pagsusuri)
  - Affidavit o pahayag ng dalawang tao na walang kaugnayan o interes sa benepisyaryo, na magpapatunay sa relasyon ng proxy sa posthumous centenarian